

Mga Benepisyong Transportasyon: Pagpunta sa Iyong mga Pagbisitang Medikal



Alam mo ba na pwede kang makakuha ng transportasyon patungo sa iyong mga serbisyong sinasaklaw ng Medi-Cal?

Mayroong 4 na uri ng serbisyong transportasyon na maaari mong makuha bilang isang miyembro ng Partnership HealthPlan of California (PHC):

1) Mga serbisyong transportasyong pang-emergency

Sinasaklaw ng Partnership ang mga serbisyong ambulansya. Tumawag kaagad sa **911** kung kailangan mo ng transportasyong pang-emergency. Hindi mo kailangang hingin sa iyong doktor.

2) Transportasyong Medikal na Hindi Pang-Emergency (Non-Emergency Medical Transportation, NEMT)

Sinasaklaw ng Partnership ang transportasyon papunta sa mga serbisyong medikal at appointment. Ito ay para kapag mayroon kang isyu sa kalusugan na dahilan kung kaya hindi ka makapunta sa iyong mga serbisyong medikal gamit ang iyong kotse, bus, tren o taxi. Humiling sa iyong doktor ng serbisyong NEMT. Aalamin ng iyong doktor kung anong uri ng serbisyong transportasyon ang kailangan mo para sa iyong mga isyu sa kalusugan. Kung kailangan mo ng tulong sa paglabas sa iyong bahay, pagsakay sa sasakyan, at/o pagpunta sa opisinasang medikal, maaari kang makakuha ng mga serbisyong NEMT. Ang mga uri ng serbisyong NEMT ay:

- Ambulansya
- Transportasyong Panghimpapawid
- Wheelchair Van
- Gurney Van

Tumawag sa **Partnership Transportation Services** para humiling na aprubahan ng doctor ang mga serbisyong NEMT hindi bababa sa 5 araw bago ang araw ng iyong pagbisita. **Tumawag sa (866) 828-2303, Lunes – Biyernes, 7 a.m. – 7 p.m.** Para sa mga apurahang pagbisita, mangyaring tumawag sa lalong madaling panahon.

3) Transportasyong Hindi Pangmedikal (Non-Medical Transportation, NMT)

Sinasaklaw ng Partnership ang pagsakay sa kotse, taxi, bus, o sa pamamagitan ng pagbayad sa gas mileage para makapunta sa mga medikal na serbisyo at appointment. Maaari kang makakuha ng:

- Mga pagbabayad sa gas mileage kapag ang kapamilya o kaibigan ang nagdala sa iyo sa pagbisita. Sa karamihan ng kaso, hindi pwedeng direktang mabayaran ang mga miyembro.
- Mga pases sa bus / mga tiket sa para-transit
- Mga voucher sa taxi
- Mga tiket sa tren

Babayaran ng Partnership ang pinakamababang gastos sa serbisyong NMT na nakakatugon sa iyong mga pangangailangang pangkalusugan. Halimbawa, kung may ruta ng bus na malapit sa inyo at sa iyong pupuntahan, maaari kang makakuha ng pases sa bus pero hindi sa taxi.

Mangyaring tumawag sa (866) 828-2303, Lunes – Biyernes, 7 a.m. – 7 p.m. upang makakuha ng mga serbisyong NMT. Tumawag nang hindi bababa sa 5 araw bago ang araw ng iyong serbisyo o appointment. Mangyaring tumawag sa lalong madaling panahon kung ang pangangailangan mo ay agaran.

4) Karagdagang mga Benepisyo para sa Mga Gastusin sa Paglalakbay

Maaaring saklawin ng Partnership ang:

- Mga Pagkain
- Mga Toll
- Tuluyan
- Paradahan
- Reimbursement sa Medikal na Attendant

Dapat mong hilingin sa Partnership ang mga serbisyong ito bago ang araw ng pagbisita. **Mangyaring tumawag sa Transportation Services ng Partnership sa at (866) 828-2303, Lunes – Biyernes, 7 a.m. – 7 p.m.** upang makuha ang mga dagdaga na benepisyong ito. Tumawag hindi bababa sa 5 araw bago ang araw ng iyong serbisyong medikal o appointment. Tumawag sa lalong madaling panahon kung ang iyong pagbisita ay apurahan.

Tumawag sa Member Services sa (800) 863-4155, Lunes – Biyernes, 8 a.m. – 5 p.m., para sa mga tanong tungkol sa mga benepisyo ng Partnership. TTY: Tumawag sa (800) 735-2929 o 711. Mangyaring ihanda ang iyong ID number o ID card.